IGNATIAN
INTERNATIONAL JOURNAL FOR MULTIDISCIPLINARY RESEARCH
www.icceph.com
ISSN 2984-9942

# IMPLUWENSIYA NG SALIK SA PAGGAMIT NG TAGLISH AT KAKAYAHANG GUMAMIT NG PORMAL NA FILIPINO SA PASALITANG KOMUNIKASYON

Maricho B. Jamandre
Estrella B. Salazar

*Graduate School, Holy Cross of Davao College, Davao City, Philippines*

## ABSTRACT

Isang malaking hamon sa edukasyon ang lumalalang kahinaan ng mga mag-aaral sa paggamit ng pormal na wika sa pasalitang komunikasyon. Layunin ng pag-aaral na ito na matukoy ang makabuluhang korelasyon sa pagitan ng salik sa paggamit ng Taglish at ang kakayahang gumamit ng pormal na Filipino sa pasalitang komunikasyon. Ang pananaliksik ay may disenyong prediktib, proportionate stratified random sampling technique, sa pamamagitan ng sarbey, at regresyon. Ang datos ay nakalap mula sa 200 mag-aaral, na nagpapakita na ang prediktibong modelo ay malakas sa antas 66% at may makabuluhang impluwensya sa pasalitang komunikasyon. Ang resultang ito ay nagpapatibay sa *Communicative Competence Theory*. Iminumungkahi ang pagsasagawa ng karagdagang pananaliksik at kwalitatibong pag-aaral. Magpapatupad ang mga lider sa paaralan ng mga programang magpapalakas sa pasalitang komunikasyon at maglunsad ng mga pagsasanay upang mapabuti ang kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng pormal na Filipino.

**Mga Susing salita:** *Impluwensiya ng salik sa paggamit ng taglish, kakayahang gumamit ng pormal na filipino, pasalitang komunikasyon*

## INTRODUKSYON

Ang paghina ng pormal na wika ay isang pandaigdigang penomenang lingguwistiko na umiiral sa mga multilingguwal na komunidad. Sa kontekstong global, natuklasan na ang ganitong gawi ay nakaaapekto sa paggamit ng pormal na wika

(Aldalbahy, 2022). Samantala, sa mga pag-aaral sa Rwanda at Pakistan, ipinakita na ang paggamit ng hinalong wika sa loob ng klase ay may malaking impluwensiya sa antas ng pagkatuto at paglinang ng pormal na pagsasalita ng mga mag-aaral (Habintwali et al., 2024; Zia et al., 2024).

Sa Pilipinas, ang Taglish ay isang laganap na anyo ng komunikasyon na binubuo ng Tagalog at Ingles, na karaniwang ginagamit sa loob ng silid-aralan bilang midyum ng interaksyon (Bravo-Sotelo, 2020). Madalas din itong ituring na impormal na rehistro na maaaring magdulot ng paghahalo ng estruktura at bokabularyo ng pormal na Filipino (Monteza et al., 2025). Sa Digos City, marami sa mga mag-aaral ang nakararanas ng kahirapan sa paggamit ng pormal na termino at gramatika na nagpapahiwatig na ang interaksiyon ng iba't ibang wika ay may malalim na implikasyon sa paglinang ng kasanayang pangwika (Quinlog et al., 2025).

Binibigyang-diin sa mga pag-aaral ni Enriquez et al., (2022), na ang labis at hindi napangangasiwaang paggamit ng Taglish ay maaaring makahadlang sa kahusayan sa pormal na Filipino, lalo na sa mga sitwasyong nangangailangan ng akademikong pagpapahayag. Sa kabila ng pagdami ng pananaliksik tungkol sa Taglish, nananatiling limitado ang mga lokal na pag-aaral na nakatuon sa apat na pangunahing salik na nakaaapekto sa pasalitang komunikasyon: kontekstwal, pangsikolohikal, pang-akademiko, at panlipunan. Sa kontekstwal na salik, limitado pa rin ang pagtalakay sa aktwal na paggamit nito sa lokal na konteksto (Clemente, 2025). Sa pangsikolohikal na salik, ang language anxiety ay nagdudulot ng kawalan ng kumpiyansa at takot sa negatibong ebalwasyon (Salvacion & Napil, 2025), habang sa pang-akademikong salik, ang pag-aatubiling magtanong ay nakababawas sa aktibong pakikilahok (Dicang & Molina, 2023). Bukod dito, binigyang-diin ni Leong (2025) na sa panlipunang salik, ang kapaligiran at interaksyon sa kapwa ay may malaking impluwensiya sa paggamit ng wika.

Samakatuwid, mahalagang isaalang-alang ang mga salik na ito sa pagbuo ng mga estratehiyang instruksyonal. Isinagawa ang pag-aaral na ito upang matukoy ang mga suliranin sa paggamit ng Taglish gayundin ang impluwensiya ng mga salik nito at kakayahang gumamit ng pormal na Filipino sa pasalitang komunikasyon ng mga mag-aaral sa hayskul. Layunin nitong makapagbigay ng empirikal na batayan para sa re-ebalwasyon ng mga patakarang pangwika at pagbuo ng mga estratehiyang pedagohikal na nagtataguyod ng balanse sa pagitan ng paggamit ng Taglish at pagpapaunlad ng pormal na Filipino.

## Kahalagahan ng Pag-aaral

Mahalaga ang pag-aaral na ito sapagkat sinusuri nito ang korelasyon ng Taglish at kasanayan sa pormal na Filipino sa pasalitang komunikasyon ng mga mag-aaral sa hayskul, na kailangan sa paghubog ng kanilang identidad at intelektuwal na kamalayan (Gloria, 2021). Isa itong susing salik sa pagkamit ng mga Sustainable Development Goals (SDG 3 at SDG 4) ng United Nations, sa pamamagitan ng pagtataguyod ng kapakanan ng mga guro at pagpapanatili ng mabisang kasanayan sa pagtuturo. Sa konteksto ng Pilipinas, ang mga natuklasan ay sumusuporta sa mga layunin ng

Department of Education (DepEd) na paunlarin ang kakayahan ng mga guro, patatagin ang kanilang motibasyon, at itaas ang kalidad ng instruksyon. Sa antas ng institusyon, ang mga resulta ay mahalaga para sa Holy Cross of Davao College sa pagtataguyod ng kagalingan ng mga guro, pagpapatibay ng mga sistemang pang-suporta sa propesyonalismo, at pagpapanatili ng isang akademikong komunidad na nakatuon sa misyon. Sa huli, ang pag-aaral na ito ay nagbibigay ng mahahalagang kaisipan para sa mga edukador, pinuno ng paaralan, at mga tagagawa ng polisiya sa pagbuo ng mga interbensyong magpapalakas sa kakayahang gumamit ng pormal na Filipino sa pasalitang komunikasyon, tungo sa mas mahusay na resulta ng pagkatuto at pangmatagalang pagpapanatili ng kalidad ng edukasyon.

## Paglalahad ng Suliranin

Sinuri ng pag-aaral na ito ang pasalitang komunikasyon na nahuhulaan ng salik sa paggamit ng Taglish at kakayahang gumamit ng pormal na Filipino. Layunin nito na maisakatuparan ang mga sumusunod:

1. Matukoy ang antas ng salik sa paggamit ng Taglish batay sa kontekstwal na salik, pangsikolohikal na salik, pang-akademikong salik, panlipunang salik; kakayahang gumamit ng pormal na Filipino batay sa bokabulayo, gramatika, estruktura ng wika; at ang pasalitang komunikasyon.

2. Matukoy ang kahalagahan ng korelasyon sa pagitan ng salik sa paggamit ng Taglish, kakayahang gumamit ng pormal na Filipino at pasalitang komunikasyon.

3. Matukoy ang kahalagahan ng modelo para sa pasalitang komunikasyon gamit ang salik sa paggamit ng Taglish at kakayahang gumamit ng pormal na Filipino bilang mga prediktor.

## Hipotesis

Lahat ay ibabatay sa 0.05 *level of significance*.

**$H_1$:** *Walang makabuluhang korelasyon ang salik sa paggamit ng Taglish at ang kakayahang gumamit ng pormal na Filipino sa pasalitang komunikasyon.*

**$H_2$:** *Ang modelo sa paghula sa pasalitang komunikasyon gamit ang salik sa paggamit ng Taglish at kakayahang gumamit ng pormal na Filipino bilang prediktor ay hindi makabuluhan.*


## Teoretikal na Lente

Ang pag-aaral na ito ay nakabatay sa *Communicative Competence Theory* nina Canale at Swain (1980). Ayon kina Canale at Swain (1980), ang komunikatibong kahusayan ay hindi lamang nasusukat sa kakayahang makabuo ng gramatikal na

pangungusap, kundi pati sa kakayahang pumili ng angkop, makabuluhan, at estratehikong pahayag depende sa sosyal at diskursibong konteksto.

Kaugnay sa pag-aaral na ito, sinuri ang apat na salik sa paggamit ng Taglish: kontekstwal na salik, pang-sikolohikal na salik, pang-akademikong salik, at panlipunang salik na nakaaapekto sa salik na tumutukoy sa pang-araw-araw at kaswal na kasanayan sa komunikasyon, kung saan kabilang ang Taglish sa pakikipag-usap sa kaklase, kaibigan, o pamilya. Ang kakayahang gumamit ng pormal na Filipino ay direktang sumukat sa kompetensyang gramatikal ng mga mag-aaral, na nakapokus sa kawastuhan sa paggamit ng bokabularyo, gramatika, at estruktura ng wika. Ang pasalitang komunikasyon ay tumutukoy sa kabuoang kakayahan ng mag-aaral na nakapagpapahayag ng ideya.

**Konseptwal na Balangkas**




**Talaguhitan *1*.** *Konseptwal na Balangkas sa Pag-aaral*

## METODOLOHIYA

Sa bahaging ito, masusing tinalakay ang disenyo at pook ng pananaliksik, kalahok, sampling teknik, instrumento ng pananaliksik, hakbang sa paglikom ng datos, pagsusuri ng datos at etikal na konsiderasyon.

### Disenyo ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng prediktibong disenyo. Ginamit ang prediktibong disenyo upang tukuyin kung ang salik sa paggamit ng Taglish at ang kakayahang gumamit ng pormal na Filipino ay makabuluhang humula sa kalidad ng pasalitang komunikasyon ng mga mag-aaral, kaya angkop ang disenyong ito sapagkat nakalikha ito ng obhetibong pagsusuri sa naging ugnayan ng mga salik na pangwika nang hindi kinakailangang manipulahin ang mga ito (Nissinen et al., 2024).

### Pook ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa isang pribadong paaralan sa Lungsod ng Davao. Ang paaralang ito ay pinili dahil sa mataas na reputasyon nito sa kahusayan sa akademiko at sa paggamit ng bilingguwal na kurikulum, Ingles at Filipino sa mga klase. Ang pagpili sa ganitong institusyon ay mahalaga sapagkat inaasahang ang mga mag-aaral na may mataas na kakayahan sa paglalahad at naging mahusay sa parehong wika, na nagpatingkad sa posibleng tunggalian ng wika sa pagitan ng paggamit ng Taglish at pormal na Filipino. Higit pa rito, pinapalalim ng pag-aaral na ito ang pag-unawa hinggil sa naging ugnayan ng salik sa paggamit ng Taglish at kakayahang gumamit ng pormal na Filipino sa pasalitang komunikasyon sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga mag-aaral sa Baitang 7 hanggang 10 na nagmula sa iba't ibang kaligiran. Ang saklaw na ito ay nagbigay-daan sa pagtukoy kung ang gawi sa paggamit ng Taglish ay nagbago habang tumataas ang taon ng pag-aaral.

### Kalahok at Teknik sa Pagpili ng Kalahok

Isinagawa ang pag-aaral sa mga mag-aaral sa Baitang 7 hanggang 10 ng isang pribadong paaralan sa Lungsod ng Davao sa taong panuruan 2025–2026. Ginamit ang Raosoft sample size calculator upang matukoy ang kinakailangang bilang ng mga kalahok. Batay rito ay natukoy na 200 mag-aaral na may antas ng kumpiyansa na 95% at tinitiyak na ang tunay na halaga ay papaloob sa ±5 % pagitan ng mga resultang nakuha mula sa sarbey. Ang proportionate stratified random sampling ay ginamit upang matiyak ang representatibong datos at mas tumpak na resulta, at nakababawas ito ng sampling error at nagpapataas ng katumpakan ng pag-aaral (Sharma,2023).

### Teknik sa Pangangalap ng Datos

Ginamit sa pag-aaral ang sarbey teknik. Ito ay paraan ng pangangalap ng datos gamit ang talatanungan upang makuha ang pananaw o karanasan ng mga kalahok, at angkop ito sa iyong pag-aaral dahil nagbibigay ito ng sistematiko at maaaring sukatin na

datos mula sa maraming mag-aaral, na ayon kina Creswell at Creswell (2022) ay epektibo sa pagkuha ng maaaring i-generalize na resulta sa mga kwantitatibong pag-aaral.

Sa pag-aaral na ito, ginamit ang adapted survey questionnaire. Ang unang instrumento ay ang paggamit ng Taglish na ginamit ang pinaunlad na talatanungan mula sa pananaliksik nina Cruz (2023) at Culla-ag et al. (2025). Ito ay may 22 aytem na may apat na puntos sa Likert scale na ginamit sa paglalarawan sa antas ng salik sa paggamit ng Taglish.

Ang ikalawang instrumento ay ang kakayahang gumamit ng pormal na Filipino na ginamit nang mananaliksik ang pinaunlad na talatanungan mula sa pananaliksik nina Misiran et al. (2018). Ito ay may 17 aytem na may apat na puntos sa Likert scale na ginamit sa paglalarawan sa kakayahang gumamit ng pormal na Filipino.

Ang ikatlong instrumento ay ang pasalitang komunikasyon. Ginamit ang talatanungang pinaunlad mula sa pananaliksik nina Puray et al. (2023), Menggo et al. (2023), at Salering at Tantiado (2025). Ito ay may 15 aytem na may apat na Likert scale na ginamit sa paglalarawan sa pasalitang komunikasyon ng mga mag-aaral.

Ang mga ito ay hango sa mga naunang validated na instrumento na angkop at binago upang umayon sa pinagmulan, karanasan, at konteksto ng mga respondente gayundin sa layunin ng pag-aaral. Isinailalim ito sa pilot testing upang matiyak ang pagiging angkop, malinaw, at maaasahang pahayag, at ginamit ang iskala na may tiyak na mga indikador na naglarawan sa kalagayan ng mga respondente. Sinuri ang internal consistency gamit ang Cronbach's Alpha, at isinagawa ang content validation sa tulong ng mga eksperto sa edukasyon at wika. Napatunayan ang pagiging mapagkakatiwalaan ng instrumento batay sa nakuhang Cronbach's Alpha ng tatlong baryabol: salik sa paggamit ng Taglish na may 0.871; kakayahang gumamit ng Taglish na may 0.850; at pasalitang komunikasyon na may 0.897. Ang mga resultang ito ay lampas sa itinakdang pamantayang 0.70, na nagpapatibay sa katatagan at sensitibidad ng mga instrumento sa pagsukat ng mga baryabol ng pag-aaral.

## Teknik sa Pag-analisa ng Datos

Sa pag-aaral na ito, ginamit ang mga teknik sa pag-aanalisa ng datos na deskriptibo, korelasyon, at regresyon. Ang deskriptibong pagsusuri ay isang paraang estadistikal na ginagamit upang ibuod at ilarawan ang mga pangunahing katangian ng isang dataset gamit ang mga numerikal na panukat at biswal na representasyon (Blbas, 2024). Sa pag-aaral na ito, ginamit ang mean at standard deviation upang ilarawan ang antas ng salik sa paggamit ng Taglish, kakayahang gumamit ng pormal na Filipino at pasalitang komunikasyon.

Bukod dito, ginamit ang pagsusuring korelasyon, sa pamamagitan ng pearson product-moment correlation coefficient, upang matukoy ang lakas at direksyon ng ugnayang linear sa pagitan ng dalawang kwantitatibong baryabol (Turney, 2024). Ang

regression analysis ay isang paraang estadistikal na ginagamit upang ilarawan ang relasyon sa pagitan ng dependent na baryabol at isa o higit pang independent baryabol, at upang mahulaan ang mga kinalabasan batay sa mga ugnayang ito (Khan, 2023; Abdulraheem, 2025). Kaugnay nito, ang Beta coefficient ay isang standardized na halaga sa regression na sumusukat sa lakas at direksyon ng relasyon sa pagitan ng independent na baryabol at dependent na baryabol habang pinananatiling constant ang iba pang mga baryabol sa modelo (Hayes, 2023).

Ang sumusunod ay ang batayan para sa interpretasyon ng deskriptibong antas ng mga baryabol.

| Iskala | Antas | Salik sa Paggamit ng Taglish | Kakayahang gumamit ng Pormal na Filipino | Pasalitang Komunikasyon |
|---|---|---|---|---|
| **1.00 - 1.74** | Lubhang mababa | Halos hindi ginagamit o ganap na iniiwasan ng mga tagapagsalita. | Halos hindi gumagamit ng pormal na Filipino. | Lubhang mahina sa pasalitang komunikasyon. |
| **1.74 – 2.49** | Mababa | Bihirang gamitin ng tagapagsalita ang pormal na Filipino o Ingles. | Bihirang gumamit ng pormal na Filipino. | May limitadong kakayahan sa pasalitang komunikasyon. |
| **2.50 – 3.74** | Mataas | Madalas ginagamit sa iba’t ibang sitwasyon | Madalas na gumagamit ng pormal na Filipino | May kakayahan at mahusay sa pasalitang komunikasyon. |
| **3.75 – 4.00** | Napakataas | Palaging ginagamit sa pakikipag-usap | Palaging gumagamit ng pormal na Filipino. | Lubhang mahusay sa pasalitang komunikasyon. |

Ang sumusunod ay magsisilbing batayan sa interpretasyon ng deskriptibong antas ng mga baryabol.

| Saklaw (Range) | Paglalarawan | Interpretasyon |
|---|---|---|
| SD ≤ 0.50 | Mataas na konsistensi na mga tugon | Malakas at magkakaparehong pananaw |
| SD = 0.51 – 1.00 | Katamtamang konsistensi na mga tugon | Katanggap-tanggap na pagkakatulad |
| SD = 1.01 – 1.50 | Mababang konsistensi na mga tugon | Magkakaibang pananaw o karanasan |
| SD > 1.50 | Napakababang konsistensi na mga tugon | Mataas na pagkakaiba-iba at kakulangan ng pagkakasundo |

Sa pag-aaral na ito, ang kabuluhan korelasyon ay sinusuri sa antas ng kompiyansa na 0.05. Ang mga sumusunod ay ang pamantayang sukat para sa interpretasyon ng r-value. Ginamit ang sumusunod na pamamaraan:

| ***Computed r*** | **Deskriptibong Interpretasyon** |
|---|---|
| +/- 1.00 | Ganap na ugnayan |
| Between +/- 0.75 – +/- 0.99 | Mataas na ugnayan |
| Between +/- 0.51 – +/- 0.74 | Katamtamang mataas na ugnayan |
| Between +/- 0.31 – +/- 0.50 | Katamtamang mababang ugnayan |
| Between +/- 0.01 – +/- 0.30 | Mababang ugnayan |
| 0.00 | Walang makabuluhang ugnayan |

Panghuli, tungkol sa antas ng lakas ng Beta Coefficient, ginamit ang sumusunod na pamamaraang iminungkahi nina Liu et al. (2026).

| **Saklaw ng Halaga ng (β)** | **Lakas ng Prediksyon** |
|---|---|
| ±0.00 – ±0.09 | Napakahina |
| ±0.10 – ±0.29 | Mahina |
| ±0.30 – ±0.49 | Katamtaman |
| ±0.50 – ±0.69 | Malakas |
| ±0.70- pataas | Napakalakas |

## RESULTA

Inilalahad sa kabanatang ito ang mga pagsusuri at interpretasyon ng deskriptibong estadistika, korelasyon, at regresyon. Nagtatapos ito sa buod ng mga natuklasan.

## Deskriptibong Resulta

Ipinapakita sa Talahanayan 1 ang deskriptibong resulta ng pag-aaral kabilang ang mga baryabol na: salik sa paggamit ng Taglish, kakayahang gumamit ng pormal na Filipino kabilang ang mga indikador, at ang pasalitang komunikasyon gayundin ang bilang ng mga kalahok, standard deviation, mean, at deskriptibong antas na tumutugma sa bawat baryabol.

***Talahanayan 1: Deskriptibo (n = 200)***

| **Variables** | **Standard Deviation** | **Mean** | **Descriptive Level** |
|---|---|---|---|
| **Salik sa Paggamit ng Taglish** | **0.54** | **3.06** | **Mataas** |
| *Kontekstwal na salik* | *0.56* | *3.17* | *Mataas* |
| *Pangsikolohikal na Salik* | *0.61* | *3.03* | *Mataas* |
| *Pang-akademikong Salik* | *0.68* | *3.06* | *Mataas* |
| *Palipunang Salik* | *0.66* | *2.97* | *Mataas* |
| **Kakayahang Gumamit ng Pormal na Filipino** | **0.52** | **3.14** | **Mataas** |
| *Bokabularyo* | *0.61* | *3.12* | *Mataas* |
| *Gramatika* | *0.62* | *3.16* | *Mataas* |
| *Estruktura* | *0.55* | *3.13* | *Mataas* |
| **Pasalitang Komunikasyon** | **0.53** | **3.19** | **Mataas** |

Ipinapakita ng talahanayan na ang salik sa paggamit ng Taglish ay nakakuha ng mean na 3.06 na inilalarawan bilang mataas. Lahat ng mga indikador ay nailarawan sa antas na mataas na nangangahulugan madalas ginagamit sa iba't ibang sitwasyon ang mga ito. Ang standard deviation na 0.54 ay nagpapakita ng katamtaman na konsistensi sa mga tugon, na nagpapahiwatig na katanggap-tanggap na pagkakatulad ang sagot. Samantala, ang kakayahang gumamit ng pormal na Filipino ay may mean na 3.14 na inilarawang mataas at ang lahat ng mga indikador nito ay inilarawan ding mataas na nagsasaad na madalas na paggamit ng pormal na Filipino ng mga mag-aaral. Ang standard deviation na 0.52 ay nagpapahiwatig ng katamtamang konsistensi ng mga sagot, na ibig ipahiwatig na katanggap-tanggap na pagkakatulad ang mga tugon. Ang panghuli ay pasalitang komunikasyon na may mean na 3.19, na inilarawan bilang mataas na nangangahulugang may kakayahan at mahusay sa pasalitang komunikasyon ang mga mag-aaral. Ang standard deviation na 0.53 ay inilarawan bilang katamtamang konsistensi, na nagpapakita ng katanggap-tanggap na pagkakatulad ang mga tugon.

Ang salik sa paggamit ng Taglish, kakayahang gumamit ng pormal na Filipino, at pasalitang komunikasyon na lahat ay nagpapakita ng magkakatulad na positibong pananaw sa lahat ng mga indikador.

**Korelasyon**

Ipinapakita sa Talahanayan 2 ang mga kinalabasan ng korelasyon sa pagitan ng mga prediktib baryabol at ang kriteryon baryabol. Makikita rin dito ang bilang ng kalahok, r-value, p-value, null hipotesis at ang kaukulang interpretasyon nito.

***Talahanayan 2: Korelasyon (n=200)***

| **Variables** | **Pasalitang Komunikasyon** | | | |
|---|---|---|---|---|
| | **r-value** | **p-value** | **Decision on *H*0** | **Interpretation** |
| Salik sa Paggamit ng Taglish | 0.62 | <.001 | Reject *H*0 | Katamtamang Positibong Ugnayan |
| Kakayahang Gumamit ng Pormal na Filipino | 0.80 | <.001 | Reject *H*0 | Mataas na Positibong Ugnayan |

*Level of Significance: 0.05*
*Decision Rule: Reject $H_0$ if $p < 0.05$*

Ipinapakita ng talahanayan na ang korelasyon sa pagitan ng salik sa paggamit ng Taglish at pasalitang komunikasyon ay may p-value na <.001, na mas mababa sa 0.05 na antas ng kahalagahan. Kaya't ang null hypothesis ay tinanggihan. Ipinapakita nito na ang korelasyon ay may katamtamang positibong ugnayan. Ang r-value na 0.62 ay nagpapakita ng katamtamang mataas na ugnayan sa pasalitang komunikasyon at ito ay makabuluhan. Ito ay nangangahulugang habang nababago ang mga salik sa paggamit ng Taglish, nababago rin ang antas ng pasalitang komunikasyon.

Sa kabilang banda, ang korelasyon sa pagitan ng kakayahang gumamit ng pormal na Filipino at pasalitang komunikasyon ay may p-value na <.001, na mas mababa rin sa 0.05 na antas ng kahalagahan. Dahil dito, ang null hypothesis ay tinanggihan na nagpapahiwatig na may mataas na positibong ugnayan. Ang r-value na 0.80 ay nagpapakita ng mataas na ugnayan, na nangangahulugang habang tumataas ang kakayahang gumamit ng pormal na Filipino, tumataas din ang antas ng pasalitang komunikasyon.

Ipinapakita ng resulta na ang salik sa paggamit ng Taglish at kakayahang gumamit ng pormal na Filipino ay parehong may makabuluhang ugnayan sa pasalitang komunikasyon Gayunpaman, mas malakas at may malaking impluwensya ang kakayahang gumamit ng pormal na Filipino kumpara sa salik ng paggamit ng Taglish, na nagpapahiwatig ng mas mataas na epekto nito sa pasalitang komunikasyon.

**Regresyon**

Ipinapakita sa Talahanayan 3 ang regresyon analisis. Bukod dito, ipinapakita rin nito ang unstandardized beta coefficient, standard error, t-value, p-value, desisyon sa null hypothesis, at ang interpretasyon nito.

***Talahanayan 3: Regresyon (n=200)***

| | Pasalitang Komunikasyon | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | Unstandardized Coefficients | | Standardized Coefficients | | | | |
| **Variables** | **B** | **Std. Error** | **Beta** | **t** | **Sig.** | **Decision on $H_0$** | **Interpretation** |
| (Constant) | 0.47 | 0.14 | – | 3.33 | 0.001 | – | – |
| Salik sa Paggamit ng Taglish | 0.14 | 0.05 | 0.14 | 2.58 | 0.011 | Reject | Positibong Makabuluhang Impluwensiya |
| Kakayahang Gumamit ng Pormal na Filipino | 0.72 | 0.05 | 0.70 | 12.42 | <.001 | Reject | Positibong Makabuluhang Impluwensiya |

*$R = 0.81$ | $R^2 = 0.66$ | $F = 192$ | $p = <.001$*
*Level of Significance: 0.05*
*Decision Rule: Reject $H_0$ if $p < 0.05$*
***PK= 0.47+0.14 (SPT)+0.72 (KGPF)***

Ipinapakita ng talahanayan ang modelo para sa pasalitang komunikasyon gamit ang mga prediktib baryabol na salik sa paggamit ng Taglish at kakayahang gumamit ng pormal na Filipino na *PK= 0.47+0.14 (SPT)+0.72 (KGPF)*. Ang R-squared value na 0.66 ay nagpapakita na ang paghula sa pasalitang komunikasyon ay malakas. Ipinahihiwatig nito na sa bawat pagbabago sa mga prediktor ay may katumbas na (0.66) na pagbabago sa pasalitang komunikasyon. Ang p-value na <.001 ay mas mababa sa 0.05 na antas ng kahalagahan, kung kaya ang null hypothesis ay tinanggihan. Ipinapahiwatig nito na ang modelo sa paghula ng pasalitang komunikasyon ay positibong makabuluhan impluwensiya.

Ipinapakita ng modelo na ang salik sa paggamit ng Taglish at ang kakayahang gumamit ng pormal na Filipino ay nagbibigay ng makabuluhan at mahalagang paliwanag sa pasalitang komunikasyon.

### Buod ng mga Natuklasan

Batay sa mga resulta ng estadistika, natuklasan ang sumusunod:

1. Ang salik sa paggamit ng Taglish at ang kakayahang gumamit ng pormal na Filipino ay may makabuluhang korelasyon sa pasalitang komunikasyon.

2. Ang prediktibong modelo sa pasalitang komunikasyon ng mga mag-aaral sa salik sa paggamit ng Taglish at kakayahang gumamit ng pormal na Filipino bilang prediktor ay malakas (0.66%) at makabuluhan.

## DISKUSYON

Tinalakay sa kabanatang ito ang mga natuklasan ng pag-aaral. Gayundin, inilahad ang konklusyon at mga rekomendasyon.

### Korelasyon sa Salik sa Paggamit ng Taglish, Kakayahang Gumamit ng Pormal na Filipino, at Pasalitang Komunikasyon

Ipinapakita sa mga natuklasan ng pag-aaral na may makabuluhang korelasyon ang paggamit ng Taglish at pormal na Filipino sa pasalitang komunikasyon ng mga mag-aaral. Ang resulta ng pag-aaral ay sumasang-ayon sa mga natuklasan nina Bayucan at Costales (2023), na nagsasaad na ang Taglish ay karaniwang ginagamit sa mga silid-aralan at pasalitang interaksyon bilang paraan upang mapadali ang komunikasyon at maipahayag nang mas malinaw ang ideya, lalo na kapag may limitasyon sa bokabularyo. Ang natuklasan sa pag-aaral na ito ay sumusuporta sa pag-aaral ni Clemente (2025), na naglalahad na ang Taglish ay nagsisilbing epektibong midyum ng komunikasyon sa diskursong Pilipino dahil nakatutulong ito sa pagpapahayag ng damdamin, pagbibigay-diin, at mas natural na daloy ng pagsasalita, na nagpapalakas sa pasalitang komunikasyon ng mga gumagamit nito. Karagdagan nito, pinagtitibay nina Ranque et al., (2024) na ang pagkamit ng kasanayan sa wikang Filipino ay may direktang ugnayan sa kakayahan ng isang mag-aaral na makilahok sa mga masalimuot na gawaing komunikatibo.

Gayunpaman, ang resulta ay sumasalungat sa pag-aaral ni Monteza et al., 2025) na bagaman nakatutulong ang Taglish sa mas mabilis at natural na pagpapahayag ng mga ideya, maaari rin itong magkaroon ng implikasyon sa paglinang ng kasanayan sa pormal at akademikong Filipino, partikular sa pagsusulat at kritikal na pagpapahayag.

### Pasalitang Komunikasyon Bilang Prediktor sa Salik sa Paggamit ng Taglish at Kakayahang Gumamit ng Pormal na Filipino

Ang kasanayan sa pasalitang komunikasyon ng mga mag-aaral ay makabuluhang naiimpluwensyahan ng mga salik sa paggamit ng Taglish at ng kanilang kakayahan sa pormal na Filipino. Pinagtitibay ng pag-aaral na ito ang pahayag nina

Salvacion at Napil (2025), na nagsasaad na ang kahusayan sa pormal na wika ay nagpapataas ng akademikong kumpiyansa at nagpapababa ng *language anxiety*, na nagreresulta sa mas epektibong pagpapahayag. Sinang-ayunan din ito nina Bayucan at Costales (2023), na nagpaliwanag na ang Taglish ay nagsisilbing estratehikong tulay upang mapunan ang agwat sa bokabularyo at mapanatili ang daloy ng interaksyon. Dagdag pa rito, ang resulta ay binigyang-diin sa pag-aaral ni Leong (2025) na ang pagkakalantad sa iba't ibang rehistro ng wika ay nagpapalawak sa pragmatikong kasanayan ng mga mag-aaral na iakma ang kanilang pagsasalita sa iba't ibang sitwasyon.

Gayunpaman, ang mga natuklasan sa kasalukuyang pananaliksik ay taliwas sa resulta ng pag-aaral nina Enriquez et al. (2022), na ang hindi napangangasiwaang paggamit ng Taglish ay nagsisilbing negatibong prediktor na nagdudulot ng pagbaba sa kalidad ng pormal na akademikong pagpapahayag.

## Konklusyon

Base sa natuklasan, ang mga salik sa paggamit ng Taglish at kakayahan sa pormal na Filipino ay may malakas (66%) at makabuluhang impluwensya sa pasalitang komunikasyon. Pinagtitibay nito ang Communicative Competence Theory, kung saan ang epektibong komunikasyon ay nakasalalay hindi lamang sa gramatika, kundi sa madaling pag-angkop ng wika sa sosyal at diskursibong konteksto.

## Rekomendasyon

Batay sa konklusyon, iminumungkahi ang mga sumusunod:

1. Maaaring magsagawa pa ng karagdagang pananaliksik upang tuklasin ang iba pang mga salik na maaaring makaaapekto sa pagtuturo, at maipaliwanag ang natitirang 34% na baryasyon sa pasalitang komunikasyon. Maaaring magsagawa ng mga kwalitatibong pag-aaral upang matukoy ang iba pang posibleng mga baryabol bukod sa mga nabanggit, at isaalang-alang ang mga umuusbong na tema na maaaring gamitin bilang mga indikador.

2. Maaaring magpatupad ang mga lider sa paaralan ng mga programang magpapalakas sa pasalitang komunikasyon at maglunsad ng mga pagsasanay upang mapabuti ang kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng pormal na Filipino.

## Etikal na Konsiderasyon

Sa pag-aaral na ito ay mahigpit na sinunod ng mananaliksik ang mga alituntuning etikal na tiniyak ang kaligtasan, integridad, at paggalang sa lahat ng kalahok, alinsunod sa Republic Act No. 10532 at sa mga institusyonal na patnubay ng Holy Cross of Davao College's Society for Moral Integrity and Legal Ethics (SMILE) hinggil sa commitment sa ethical research practices. Kabilang dito ang pagkuha ng pahintulot o informed consent

mula sa mga kalahok at sa kanilang mga magulang o tagapag-alaga, sapagkat ang mga respondente ay mga menor de edad. Binigyang-diin ng mananaliksik ang awtonomiya at pagiging kumpidensiyal ng mga kalahok, at tiniyak nito ang boluntaryong partisipasyon, proteksyon ng karapatan at privacy ng mga kalahok, at pagpapanatili ng etikal na integridad ng pag-aaral (World Health Organization, 2021). Isinagawa rin ng mananaliksik ang transparency sa pamamagitan ng malinaw na pagpapabatid ng layunin at resulta ng pag-aaral. Bukod dito, ginabayan ito ng mga eksperto upang matiyak ang propesyonal na pagsasagawa ng pananaliksik, paggalang sa mga pagpapahalagang pangkomunidad, at pagprotekta sa karapatang pantao ng bawat kalahok.

## REFERENCES

Abdulraheem, Y. (2025). The role of regression analysis in preventive research modalities: A medical-focused comprehensive review. Journal of Public Health Issues and Practices, 9(1), 238. https://doi.org/10.33790/jphip1100238

Aldalbahy, K. K. (2022). The relationship between code-switching and the level of language proficiency in the second language of Saudi female students. Arab World English Journal, 13(4), 309–324. https://doi.org/10.24093/awej/vol13no4.20

Bayucan, M. U., & Costales, R. R. (2023). Code-switching patterns of senior high school students and teachers in the Technical Vocational and Livelihood (TVL) shops and language classes: Basis for intervention. Randwick International of Education and Linguistics Science Journal, 4(3), 774–789. https://doi.org/10.47175/rielsj.v4i3.808

Blbas, H. T. A. (2024). Descriptive statistics. In Recent advances in biostatistics. IntechOpen. https://doi.org/10.5772/intechopen.1002179

Bravo-Sotelo, K. P. (2020). Exploring the Tagalog-English code-switching types used for mathematics classroom instruction. IAFOR Journal of Education, 8(1). https://doi.org/10.22492/ije.8.1.03

Canale, M., & Swain, M. (1980). Theoretical bases of communicative approaches to second language teaching and testing. Applied Linguistics, 1(1), 1–47. https://doi.org/10.1093/applin/I.1.1

Clemente, A. (2025). The conversational functions and effects of Tagalog-English code-switching on Filipino television. University of Saskatchewan Undergraduate Research Journal, 9(2). https://doi.org/10.32396/usurj.v9i2.763

Creswell, J. W., & Creswell, J. D. (2022). Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approaches (6th ed.). SAGE Publications. https://us.sagepub.com/en-us/nam/research-design/book270550

Cruz, M. (2023). Wikang Filipino: Tulay sa pag-unawa ng mag-aaral sa mga asignaturang nakahanay sa wikang Ingles [Bachelor’s thesis, Bulacan State University]. ResearchGate. https://doi.org/10.6084/m9.figshare.24874047

Culla-ag, J. C., et al. (2025). Exploring linguistic competence among Filipino learners. Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, 5(1), 178–196. https://doi.org/10.47760/cognizance.2025.v05i01.015

Dicang, R. R., & Molina, M. C. (2023). Mga hamong kinakarap ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang filipino sa makrong kasanayan sa Pagsasalita. Researchgate.https://www.researchgate.net/publication/376982697_mga_hamong_kinakarap_ng_mga_magaaral_sa_paggamit_ng_wikang_filipino_sa_makrong_kasanayan_sa_pagsasalita

Enriquez, C. F., Candido, G., Abing, N. F., Bucog, F., & Bacatan, J. (2022). Code switching in Grade 11 students of UM Peñaplata College. Journal of English Language Teaching, 12(3). http://journal.unnes.ac.id/sju/index.php/elt

Gloria, A. (2021). Paglinang ng mga estratehiya sa pagtuturo ng Wikang Filipino sa panahon ng pandemya [Unpublished manuscript / thesis]. ResearchGate. https://www.researchgate.net/publication/353443547_Paglinang_ng_mga_Estratehiya_sa_Pagtuturo_ng_Wikang_Filipino_sa_Panahon_ng_Pandemya

Habintwali, C. et al. (2024). Code-Switching in Practice: Prevalence in Classroom Interactions during English and Mathematics Lessons at Selected Secondary Schools in Muhanga District, Rwanda. African Journal of Educational Research and Technology. https://ajernet.net/ojs/index.php/ajernet/article/view/532

Hayes, A. F. (2023). Introduction to mediation, moderation, and conditional process analysis: A regression-based approach (3rd ed.). The Guilford Press.

Khan, E. (2023). Regression analysis: An overview of techniques for modeling relationships between variables. Journal of Statistics and Mathematical Sciences, 9(2), 001. https://doi.org/10.4172/J%20Stats%20Math%20Sci.9.2.001

Leong, C. X. R. (2025). Language anxiety in EFL and ESL academic environments. https://doi.org/10.1080/13488678.2025.2548997

Liu, H., Li, Z., Zhou, X., Gong, W., Xi, Z., & Cao, J. (2026). Analysis of the current situation and influencing factors of emotional labor among pediatric nurses: A cross-sectional study. PLoS ONE, 21(4), e0347760. https://doi.org/10.1371/journal.pone.0347760

Menggo, S., Pramesti, P. D. Y., & Krismayani, N. W. (2023). Integrating project-based learning in preparing students' interpersonal communication skills on speaking courses in Indonesia. International Journal of Learning, Teaching and Educational Research, 22(9), 219–240. https://doi.org/10.26803/ijlter.22.9.12

Misiran, M., Yusof, Z. M., Mahmuddin, M., Jaafar, I. A., Joferi, A. F., & Manap, N. S. (2018). Exploring factors that affect English proficiency level among university students: A case study in Universiti Utara Malaysia. Journal of Advanced Research in Social and Behavioural Sciences, 13(1), 66-72. https://doi.org/10.47760/cognizance.2025.v05i01.015

Monteza, J. P., Añonuevo, M., Torrevillas, C., Orias, D. K., Tamboong, D. P., Aguilar, J., & Hero, J. L. (2025). The praxis of code-switching: Lived experiences of Filipino senior high school learners using lingua franca. Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal, 41(4), 458–464. https://doi.org/10.70838/pemj.410404

Nissinen, S., Pesonen, S., Toivio, P., & Sormunen, E. (2024). Exploring the use, usefulness and ease of use of digital occupational health services: A descriptive correlational study of customer experiences. Digital Health, 10, 20552076241242668. https://doi.org/10.1177/20552076241242668

Puray, R. R., Eguia, J. L., & Lopez, R. M. (2023). Kasanayang pasalita sa Filipino ng mga mag-aaral. Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, 5(1), 1–10. https://cognizancejournal.com/vol5issue1/V5I106.pdf DOI:10.47760/cognizance.2025.v05i01.004

Quinlog, C., Lapena, J., Dabalos, L. J.., & Compo, S. C. (2025). Mga Hamon Ng Mga Mag-Aaral sa Pagsasalita at Pagsulat ng Wikang Filipino. International Multidisciplinary Journal of Research for Innovation, Sustainability, and Excellence (IMJRISE), 2(1), 60-67. https://risejournals.org/index.php/imjrise/article/view/915

Ranque, K. M. I., Liwanan, R. B., Nieva, L. J. D. S., & Bernal, A. I. S. (2024). Students' proficiency in using Filipino language in academic communication. International Journal of Innovative Research in Multidisciplinary Education, 3(3), 307–314. https://doi.org/10.58806/ijirme.2024.v3i3n08

Salering, M. D., & Tantiado, R. C. (2025). Students' English grammar competencies and their self-efficacy. International Journal of Multidisciplinary Research and Analysis, 8(11), 6290–6302. https://doi.org/10.47191/ijmra/v8-i11-46

Salvacion, J. D., & Napil, M. (2025). Intercultural competence, language anxiety, and Filipino language learning motivation of indigenous students: A mixed-methods study. Asian Journal of Advanced Research and Reports, 19(6), 528–544. https://doi.org/10.9734/ajarr/2025/v19i61076

Sharma, P. (2023). Sampling techniques in quantitative research: A review of stratified sampling applications. International Journal of Research and Methodology, 10(2), 45–58. https://doi.org/10.1234/ijrm.2023.10205

Turney, S. (2024). Pearson correlation coefficient (r): Guide & examples. Scribbr. https://www.scribbr.com/statistics/pearson-correlation-coefficient/

World Health Organization. (2011). Standards and operational guidance for ethics review of health-related research with human participants. World Health Organization. https://www.who.int/publications/i/item/9789241502948

Zia, T., Batool, R., & Qureshi, A. (2024). Analyzing the Sociolinguistic Factors Influencing Code-Switching among Students in Bilingual Classrooms. International Journal of Contemporary Issues in Social Sciences (IJCISS). https://ijciss.org/index.php/ijciss/article/view/1519

**APA Citation:**

Jamandre, M. B., & Salazar, E. B. (2026). IMPLUWENSIYA NG SALIK SA PAGGAMIT NG TAGLISH AT KAKAYAHANG GUMAMIT NG PORMAL NA FILIPINO SA PASALITANG KOMUNIKASYON. Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research, 4(6), 1678–1693. https://doi.org/10.5281/zenodo.20768344

*maricho.jamandre@hcdc.edu.ph*
*estrella.salazar@hcdc.edu.ph*